Pagtuklas ● Pag-unawa ● Pagtugon

# BIBLE STUDY

2 Samuel 6:1-11

## SMALL GROUP SESSIONS

Pebrero 13-20, 2022

Kamuning Bible Christian Fellowship


# 2 Samuel 6:1-11

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON




# 2 Samuel 6:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

## Kinuha ni David ang Kaban ng Tipan


1 Pagkatapos nito, muling tinipon ni David
ang mga piling kawal ng Israel; may
tatlumpung libong kalalakihan lahat.
2 Pinangunahan niya ang buong hukbo at
nagpunta sila sa Baale-Juda upang kunin
ang Kaban ng Tipan na kumakatawan sa
kaluwalhatian ni Yahweh, ang Diyos na
Makapangyarihan sa lahat, na nakaluklok sa
ibabaw ng mga kerubin.



# 2 Samuel 6:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


3 Kinuha nila ito sa bahay ni Abinadab doon
sa burol at isinakay sa isang bagong kariton
na inaalalayan ng dalawang anak nito na
sina Uza at Ahio. 4 Si Ahio ay nauuna ng
paglakad sa kaban. 5 Si David at ang buong
bayan ng Israel ay buong galak na
sumasayaw. Sila'y umaawit sa saliw ng mga
lira, kudyapi, tamburin, kastaneta, at
pompiyang.



# 2 Samuel 6:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

6 Nang malapit na sila sa may giikan ni
Nacon, natalisod ang mga baka kaya't
hinawakan ni Uza ang Kaban ng Tipan.
7 Nagalit si Yahweh at siya'y pinarusahan sa
ginawang iyon. Noon di'y namatay si Uza sa
tabi ng Kaban ng Tipan. 8 Nagalit si David
dahil pinarusahan ni Yahweh si Uza.
Hanggang ngayon, ang lugar na iyon ay
tinatawag na Perez-uza.



# 2 Samuel 6:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

9 Dahil dito'y natakot si David kay Yahweh.
Sinabi niya, “Paano ko iingatan ngayon ang
Kaban ng Tipan?” 10 Hindi niya ito
mapangahasang dalhin sa Lunsod ni David,
kaya't doon na niya inihatid sa bahay ni
Obed-edom na taga-Gat. 11 Tatlong
buwang nanatili roon ang Kaban ng Tipan
ni Yahweh, at pinagpala ni Yahweh si
Obed-edom at ang kanyang sambahayan.

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

*Palaging aalalahanin ang Kabanalan at Presensiya ng Diyos, mananatiling masinop ako sa paghahanap at paggawa ng kanyang Kalooban.*

# QUESTION 1

Sinu-sino ang nagdala ng Kaban ng Tipan at paano nila isinagawa ito? (talata 2-4)

2 Samuel 6:1-11

PAGTUKLAS

# QUESTION 2

Ano ang nangyari habang inilalakbay nila ang Kaban ng Tipan, at ano ang naging kahinatnan nito? (talata 6-7)

2 Samuel 6:1-11

PAGTUKLAS

# QUESTION 3

Ano ang naging reaksiyon ni David sa nangyari? Ano ang naging pagtugon niya sa gitna ng pangyayari? (talata 8-10)

2 Samuel 6:1-11

PAGTUKLAS

# QUESTION 1

Sinubukang protektahan ni Uza sa pagbagsak sa lupa ang Kaban ng Tipan. Sa iyong palagay, naging sobrang malupit ba si Yahweh sa ginawa Niyang kaparusahan kay Uza? Bakit o bakit hindi?

2 Samuel 6:1-11

PAG-UNAWA

# QUESTION 2


Sa talata 8-9, bakit sa palagay ninyo na ang naging tugon ni David ay magalit na nauwi sa takot sa Diyos? Ano ang ating matututunan sa naging reaksiyon ni David hinggil sa pagtalima sa paggawa ng kalooban ng Diyos?

2 Samuel 6:1-11

PAG-UNAWA

# QUESTION 1

Sa kabila ng mga naranasang proteksiyon at probisyon ng Diyos sa mahabang panahon, nabigo si David na tupdin ang alintuntunin at maintindihan ang kabigatan ng kabanalan ng Diyos sa pagdudmali niyang maibalik agad ang Kaban ng Tipan. Samantalang si Uza ay itinuring na karaniwan ang sagradong Kaban kaakibat na nawalan ng pagkamangha sa mga bagay ng Diyos dahil sa kinaugalian (Ang Kaban ng Tipan ay nasa kaligitnaan nila sa maraming panahon). Suriin ang iyong buhay ngayon, paano ka lalapit sa Diyos upang hanapin ang kanyang kalooban? Panatag ka ba o may paggalang? May pagkatakot o pagka-kampante? Meron bang dapat kang baguhin sa iyong pamamaraan ng pagtuklas at paghahanap sa Diyos sa iyong buhay sa ngayon? Bakit o bakit hindi?




**2 Samuel 6:1-11**

# PAGTUGON

# QUESTION 2

Meron bang mga bagay sa iyong buhay sa ngayon na nag silbing balakid upang tuloy-tuloy na alalahanin ang kabanalan ng Diyos at maging sang-ayon sa kanyang kalooban? Anong hakbang ang iyong gagawin upang lumakad ng may pagsunod sa Diyos kahalintulad ni Obed-Edom sa talata labing isa, ay m



2 Samuel 6:1-11

## PAGTUGON

# 2 Samuel 6:1-11

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

*Palaging aalalahanin ang Kabanalan at Presensiya ng Diyos, mananatiling masinop ako sa paghahanap at paggawa ng kanyang Kalooban.*

Small Group Sessions

# PANGWAKAS NA PANALANGIN



Pagtuklas • Pag-unawa • Pagtugon

# BIBLE STUDY

2 Samuel 6:1-11

## SMALL GROUP SESSIONS

SEE YOU NEXT WEEK!

# KBCF

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584